タガログ語版

Balita sa Impormasyon sa Pag-aalaga ng Bata(Kosodate Joho Dayori)

T A N E T O

種NET

《Kupunan ng Suporta sa Edukasyon sa Pamilya ng Yaizu/Yaizu Katei Shien Team》 TEL：０９０－２６８７－３８５５

E-mail：ta-net1205@docomo.ne.jp sienteam@yahoo.co.jp

Importante sa pagsasarili ang pangunahing pamumuhay！！

Sinasabi na mahalagang matutunan ang mga pangunahing pamumuhay upang maprotektahan ang mental at pisikal na kalusugan ng mga bata,ngunit paano ito sa iyong bahay?

Ang Pagbati?

- Bumati sa mga tao sa paligid

「Magandang umaga」
「Kamain na tayo」
「Salamat po」
「Paumanhin po」
「Paalam po」
「Gudnayt」

Atbp・・・

Sa Pagkain?

- Kumain ng almusal
- Panatalihing kumakain ng saba't sabay ang buong pamilya

Ang Pag-aayos sa sarili?

- Ugaliing magsipilyo at maghugas ng mga kamay
- Suotin ng maayos ang damit (pagsuot at paghubad)
- Panatalihing malinis sa pamamagitan ng pagligo

Ang Oras?

- Matulog at gumising ng maaga
- Limitahan ang oras sa paglalaro (Video games,TV atbp.)
- Magsaad ng oras para mag-aral
- Magsaad ng oras sa pag-uwi

Ang Pag-ayos at Pagligpit?

- Pahalagahan ang mga bagay
- Ligpitin ng maayos ang mga ginamit na bagay
- Linisan ang kwarto

Sa pamamagitan ng pagkatuto sa mga pangunahing pamumuhay,makakatulong ito upang magkaroon sila ng「sariling pag-iisip」.
Dapat purihin ng mga magulang ang kanilang nagawa,pinagsipagan nilang gawin at hikayatin upang mabuo ang kanilang kumpiyansa sa sarili.
Ito ay magiging tulay sa kanilang pagsasarili.

Nalilibang ba kayo sa oras na magkasama kayong mag-anak?

Sa komunikasyon ng mag-anak,bahagi nito ang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pakikipag-usap at pisikal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng paglalaro.
Ang mag-anak na mayroong maayos na komunikasyon ay nakabubuo ng tiwala at tiyak na lalaki ng maayos ang mga bata.

～Pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pakikipag-usap～

Pagbati

- Magandang umaga,Gudnayt
- Salamat po
- Paumanhin po
- Kumain na tayo!
- Paalam po atbp.

Komunikasyon

- Nagawa ko yung ○○
- Nalibang ako sa △△
- Hindi ko nagustohan ang ××
- Pinuri ako ng titser ko
- Nakaaway ko yung kaibigan ko atbp.

～Pisikal na Pakikipag-ugnayan～

- Magsaya sa sports
- Lumabas kasama ang pamilya
- Makilahok sa mga lokal na kaganapan
- Magluto
- Maglinis,magligpit
- Makinig sa musika
- Magbasa ng pangbatang libro

atbp.

Tiwala sa mag-anak

Upang mabuo ang tiwala ng mag-anak・・・

May tinatawag na 20:80 law(Mas kilalang Pareto law). Kahit sinumang bata ay may taglay na 80% na magagandang bahagi. Subalit,sa mata ng magulang ay agad nito napapansin ang 20% na hindi magagandang bahagi at dahil dito napapagalitan sila at maguguluhan tayo sa pag-intindi.
Ang mga bata ay may maraming magagandang bahagi, kaya't purihin at bantayan natin ang kanilang paglaki.

Ang Kupunan ng Suporta sa Edukasyon sa Pamilya ng Yaizu(Yaizu Katei Shien Team) ay naglalathala ng Balita sa Impormasyon sa Pag-aalaga ng Bata na tinatawag na “種NET(Tane NET)” at naghahandog ng lugar para sa komunikasyon ng mga ina ang “おしゃべりサロン(Oshaberi Salon)”.
Manyaring gamitin ito ninyo.